# Philippine Biblical Worldview Institute

## Certificate in Biblical Studies
## Course100 Primeval History

### CBS104 Ang Panunukso at Cover-up

**Conrad Jun Tolosa**

**Ang Tactica ng Diablo**

Sinabi ni Cristo na ang diablo sa simula't simula pa ay isa nang mamamatay tao, hindi siya nanghahawak sa katotohanan, dahil walang katotohanan sa kanya. Kapag siya ay nagsisinungaling, nagsasalita lamang siya sa kanyang inang wika, dahil siya ay sinungaling at ang ama ng kasinungalingan. *John 8:44*

Sinalungat ng diablo ang magiging resulta kapag kumain ng pinagbawal na prutas. Sinabi niya sa tao na hindi siya mamamatay kundi siya ay magiging tulad ng Diyos na alam ang mabuti at masama. Pinili ng tao na talikuran ang babala ng Diyos at paniwalaan ang diablo.

Nalaman natin na sa ginawang panunukso ni Satanas kay Eba kasama sa kanyang tactica ang balutan ng kasinungalingan ang katotohanan; pilipitin ito at palabuin upang ito ay lumitaw na parang totoo. Ang parang totoo ay kasinungalingan pa rin.

Bago simulan ni Satanas ang panunukso at i-apply ang kanyang sinaunang tactica, sisiyasatin muna ni Satanas ang kahinaan ng kanyang pinupuntirya tulad ng ginawa niya sa hardin. Pinag-aaralan niya ang ugali natin at ng mga taong may impluwensya sa atin. Tulad ng ginagawa ngayon ng mga akyat-bahay. *Casing* ang tawag dito. Inaalam niya ang iyong routine: Anong oras walang tao sa inyong bahay, saan kayo dumadaan, anong kasalanan ang madalas na tumitisod sa iyo at sa iyong kasambahay, ano ang iyong kinatatakutan, at iba pang mga bagay na may epekto sa iyong buhay.

Kapag alam na ni Satanas ang iyong kahinaan saka lamang siya aatake. Tulad nang ginawa niya sa Garden ng Eden, ginamit din ni Satanas ang kanyang same old tactic nang subukan niyang tuksuin si Cristo sa ilang. Ito pa rin ang tacticang gagamitin niya sa kanyang panunukso sa atin kahit hindi ito umubra sa Lord. *Matthew 4:1-11*

Una, pagdududahin ka niya sa katotohanan ng salita ng Diyos. Ikalawa, susubukan niya ang kakayahan mo sa pagtanda ng salita ng Diyos. At ikatlo, direct attack na – uutusan ka niyang suwayin ang Diyos.

***Ang Cover-up***

Nagtabas nga sina Adan at Eba ng panaklob sa kanilang kahihiyan mula sa mga dahon ng halamanan sa hardin. Subalit ang probisyon ng Diyos para sa kahihiyang ito ay hindi dahon kundi balat ng hayop. At dahil sa balat ng hayop, ang ibig sabihin ay may namatay na hayop para sa probisyong ito ng Diyos sa makasalanang tao; mayroong nagbuwis ng buhay; dumanak ang dugo. Ito ay isang pagsasalarawan sa gagawing sakripisyo ni Cristo sa krus ng Kalbaryo; kaya nga Siya ay tinawag na Kordero ng Diyos. *Genesis 3:7; John 1:29*

***Reading Between the Lines***

Alam natin na alam naman ng Diyos ang puno't dulo ng pangyayari ng pagkahulog sa kasalanan ng tao. Kaya ang dapat itanong ng nagbabasa ay: bakit nagtanong pa ang Diyos? Reading between the lines ay isang uri ng pagbabasa. Sa Tagalog, ang ibig sabihin nito ay pagbabasa sa pag-itan ng mga salita.

Pansinin natin na hindi si Eba ang sinisi ni Adan. Ang sagot niya sa Diyos ay, *Itong babae na isinama Mo sa akin dito, binigyan niya ako ng prutas sa puno, at ako ay kumain.* Sino ba ang nagbigay sa kanya ng babae na nagbigay sa kanya ng pinagbabawal na bunga? Sa katunayan, ang Diyos ang sinisi ni Adan dahil ang Diyos ang nagdala kay Eba sa kanya; ang babae na tulad niya ay natuto na ring magpasa ng sisi. Ang sagot ni Eba sa Diyos ay, *Pinaglalangan ako ng ahas at ako ay kumain!* Ang implikasyon ng mga salita nila Adan at Eba ay ito: *Diyos, huwag kami ang tanungin Mo. Ang ahas ang Iyong harapin. Kayong dalawang ang mag-usap.*

Pansinin din natin ang katangian ng Diyos na taglay ng yugtong ito. Ang lumantad na mabuting katangian ng Diyos ay ang Kanyang pagkamahinahon. Hindi Niya binulyawan agad ang mga nagkasala at dinikdik ng sisi. Pansinin natin na nagtanong lamang Siya nang nagtanong hanggang sa lumabas sa bibig na rin ng mga nagkasala ang laman ng kanilang puso.

Kapani-paniwala na ang magaling na guro ay yaong magaling magtanong. Good teachers ask good questions. Ang pagtatanong ay nagsisilbing parang manibela. Binibigyang direction ng mga tanong ang direksyon sa isang teaching session o isang conversation.

***Multiple Choice:***

1. Alin sa sumusunod ang hindi katangian ng Diablo?
   a. Siya ay mapanlinlang.
   b. Siya ay magaling magsinungaling.
   c. Siya ay magaling mag-observe ng mga kahinaan ng tao.
   d. None of the above.

2. Bakit kinain ni Eba ang bunga na ipinagbawal ng Diyos na kainin?
   a. Sapagkat nagkaroon siya ng desire to be like God.
   b. Sapagkat nais niyang itest kung totoong mamamatay siya matapos itong kainin.
   c. Sapagkat gusto niyang malaman kung ano ang lasa ng bungang ipinagbabawal.
   d. All of the above.

3. Makikita sa kwento ng Garden of Eden ang pagsalungat ng Diablo sa sinabi ng Diyos. Alin sa mga sumusunod na prinsipyo sa panahon ngayon ang maitutulad mo dito?
   a. It's my life. I am the captain of this ship.
   b. Saying what other people want to hear so you won't offend anyone.
   c. Parehong A at B
   d. Wala sa choices.

4. Bakit balat ng hayop ang ginamit ng Diyos upang takluban ang kahihiyan nila Adan at Eba?
   a. Sapagkat ito ay mas matibay kaysa sa dahon.
   b. Upang mas malaking bahagi ng kanilang katawan ang ma-cover up.
   c. Sapagkat ito ay nagsasalarawan ng magaganap na pagbubuwis ng buhay ni Jesu-Cristo.

    d. Upang ma-protect sila lalo na sa pabago-bagong panahon.

5. Anong ugali ng tao ang matutunghayan sa bahagi ng kuwento kung saan tinatanong ng Diyos sina Adan, Eba at ang ahas?
    a. Ang tao ay handang tumanggap ng parusa sa maling ginawa.
    b. Ang tao ay laging naghahanap ng sisisihin upang maiwasan ang pagkakamali.
    c. Ang tao ay kayang unawain ang kalagayan ng ibang tao na nagkamali.
    d. All of the above.

© Revised April 2023 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.